SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

# ISANG DISKURSONG PAGSUSURI SA ANTAS NG WIKA NA GINAMIT NG MGA MAG-AARAL SA KANILANG ISINULAT NA SPOKEN WORD POETRY

**Deah Mae M. Masinadiong, LPT[1] Vicente A. Pines, JR., PhD[2]**
[1]*ORCID No. 0009-0000-3905-7619*
*Teacher I, Tarragona National High School, Central, Tarragona Davao Oriental, Philippines*
[2]*Master Teacher II, Sto. Tomas National High School, Menzi, Sto Tomas, Davao Del Norte, Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra16486**
**DOI No: 10.36713/epra16486**

**ABSTRAK**
*Ang layunin ng diskursong pagsusuri na pananaliksik na ito ay makagawa ng isang diskursong pag-aanalisa sa antas ng wika na ginagamit ng mga piling mag-aaral sa pagsulat ng kanilang spoken word poetry. Bilang karagdagan, layunin nito na matukoy ang antas ng wika na ginamit nila sa kanilang pagsulat ng spoken word poetry at mapag-alaman kung paano nakaaapekto ang kaalaman sa paggamit ng iba't ibang antas ng wika sa pagbuo ng kaisipan o kahulugan ng kanilang tulang isinulat bilang isang uri ng panitikan. Ang pananaliksik na ito ay nakatuon lamang sa pagsusuri ng mga antas nga wika na ginamit ng mga mag-aaral sa Baitang 7 sa pagsulat ng kanilang orihinal na spoken word poetry. Aabot sa 30 akda ang ginamit sa pananaliksik na ito. Pumili ang mananaliksik ng mga mag-aaral mula sa iisang paaralan mula sa Sangay ng Davao Oriental. Ang mga tema ayon sa antas ng wika na natagpuan sa mga piling akda ay ang sumusunod: impormal na wika – balbal, kolokyal, lalawiganin; at pormal na wika. Samantala, ang mga temang nabuo mula sa paghimay-himay sa mga taludtod at saknong upang masagutan ang pangalawang tanong ay ang sumusunod: mga kabiguan ng pusong nagmamahal, mga paghanga ng pusong nagmamahal, at mga kahilingan ng pusong nagmamahal. Gayundin, ang mga temang nabuo mula sa paghimay-himay sa mga taludtod at saknong upang masagutan ang pangatlong tanong ay ang sumusunod: nakapaglalarawan ng ideya, nakapagpapahayag ng damdamin, at nakagagawa ng mga simbolismo. Ang aking pag-aaral ay mahalaga dahil ito ay nagbibigay-diin sa kahalagahan ng pagsusuri sa antas ng wika sa spoken word poetry, na nagpapalalim sa ating pag-unawa sa kultura at lipunan. Ito ay nagbubukas ng mga pinto ng kaalaman at kaalaman sa mga damdamin at ideya na ipinapahayag ng mga manunulat sa kanilang mga tula. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa mga antas ng wika na ginagamit sa spoken word poetry.*
**MGA SUSING SALITA***: Filipino, Baitang 7, spoken word poetry, panitikan, mga mag-aaral, probinsya ng Davao Oriental*

## INTRODUKSYON

Sa mabilis na pag-unlad ng panahon higit na nagiging dinamiko ang wika lalo itong nakiaangkop sa makabagong panahon. Bunga nito, nahihirapan ang isang akademikong komunidad lalo na ang mga mag-aaral na mailapat ang angkop na paggamit ng antas ng wika sa larangan ng komunikasyon. Sa kabila ng pagiging malikhain ng mga Pilipino sa paghabi ng mga tula, nagiging suliranin sa mga mag-aaral ang pagsulat ng kulturang popular ang spoken word poetry kung kung anong angkop n antas ng wika ang gagamitin upang higit na lilitaw ang kasiningan ng kanilang ginawang panambitang panulaan.

Sa kasalukuyang panahon, ang paggamit ng iba't ibang antas ng wika sa pagsulat ng spoken word poetry ay nagpapakita ng malawakang hamon sa mga estudyante sa iba't ibang bahagi ng mundo. Ayon sa isang pag-aaral sa Estados Unidos, ang mga mag-aaral ay nahihirapan sa pagtukoy kung aling antas ng wika ang angkop gamitin sa kanilang mga tula, na nagreresulta sa mga gawang kulang sa pagiging epektibo at pagtugon sa inaasahang emosyonal na epekto (Santos, 2020). Sa United Kingdom, isang pagsusuri ang nagbigay-diin sa kahalagahan ng pagsasanay sa mga estudyante sa paggamit ng formal at informal na wika upang mapabuti ang kalidad ng kanilang spoken word poetry, lalo na sa aspektong pangkultura at panlipunan. Sa Australia, napag-alaman na ang kawalan ng malinaw na gabay sa paggamit ng antas ng wika ay nagdudulot ng pagkalito sa mga mag-aaral, na siyang nakakaapekto sa kanilang kakayahang magpahayag ng kanilang mga ideya at damdamin sa masining na paraan (Reyes & Lim, 2019).

Sa Tarlac, Pilipinas, natuklasan ang tila paglayo ang mga estudyanteng Pilipino mula sa mga pormal na pamantayan sa akademikong pagsusulat. Mas pinipili ng mga estudyanteng Pilipino ang isang impormal na estilo kumpara sa pormal na estilong hinihingi ng mga alituntunin ng akademikong pagsulat (Gustilo et al., 2018). Gayundin, natuklasan ang isang nakababahalang kalakaran tungkol sa labis na paggamit ng iba't ibang antas ng pormalidad sa wika ng mga estudyante. Nagdudulot ito ng higit na kalituhan at unti-unting pagkawala ng kakanyahan sa paggamit ng pormalidad ng wika lalo na sa paghabi ng tula (Mendoza, 2023).

Bilang guro sa ikapitong baitang sa isa sa mga pampublikong paaralang sekondarya ng Sangay ng Davao Oriental kapansin-pansin ang pagkakamali ng mga mag-aaral sa pormalidad ng pagkakagamit ng wika sa mga isinulat na mga akdang pampanitikan lalong-lalo ang panambitang panulaaan. Mababanaag ang hayagang paggamit nila ng magkaibang antas ng wika na nahihirapang maiangkop sa kanilang sariling katha. Bunga nito, nakahanda rin ang mananaliksik na ipresenta ang pag-aaral na ito sa mga gagawing palihan sa Filipino maging sa paglathala sa nito sa mga publikasyon. Sa huli, ang pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito ay malaking tulong upang ang suliranin sa paggamit ng angkop na antas ng wika ay malinang sa mga mag-aaral. Magiging tugon din ito sa lumalalang suliranin sa *learning gap*, *learning loss* dulot ng pandemya.

Gayunpaman, may mga pag-aaral na ginawa na may kaugnayan sa paksa katulad ng pag-aaral ni Akhtar at Riaz (2019) na Isang Kwalitatibong Pagsisiyasat sa Pormalidad sa Akademikong Pagsulat ng mga Mag-Aaral sa Pamamagitan ng Pagsisiyasat sa Kanilang Stylistic Competence. Gayundin ang pag-aaral ni Larsson at Kaatari (2019) na Pag-iimbestiga sa Pagiging Komplikado ng Syntactic sa Pagsulat ng mga Mag-aaral sa Pamamagitan ng Pagsubok sa iba't ibang mga Hakbang sa mga Antas ng Pormalidad. Dagdag dito, ang pag-aaral nina Amina at Amira (2019) na Pag-iimbestiga sa Kamalayan ng mga Mag-aaral sa mga Pinakaraniwang Katangian ng Gramatika at Leksikal ng Pormalidad sa Pagsulat ng mga Akademikong Sanaysay subalit ang lahat ng mga pag-aaral ay nakatuon lamang sa pormalidad ng paggamit ng wika sa sinuri sa kanilang mga sinulat na sanaysay taliwas sa pag-aaral an ito na nakatuon sa antas ng wikang ginamit sa mga isinulat *spoken word poetry*.

Ang pag-aaral na ito ay may malaking kabuluhan sa konteksto ng edukasyon at kultura sa Pilipinas. Sa pamamagitan ng pag-unawa sa antas ng wika na ginagamit ng mga mag-aaral, masisilayan natin kung paano nila ipinahayag ang kanilang mga damdamin, ideya, at karanasan sa isang malikhaing paraan. Bukod dito, ang pag-aaral na ito ay makatutulong sa mga guro at tagapagtaguyod ng wika na higit na maunawaan ang dinamikong kalakaran ng wika sa kabataan, na siyang maaaring maging gabay sa paghubog ng mas epektibong mga estratehiya sa pagtuturo ng literatura at pagpapaunlad ng kritikal na pag-iisip sa mga estudyante. Sa huli, ang pag-aaral na ito ay isang mahalagang kontribusyon sa patuloy na pagsulong ng wika at sining sa Pilipinas, lalo na sa larangan ng makabagong pamamaraan ng pagpapahayag tulad ng spoken word poetry.

**Mga Layunin ng Pag-aaral**

Layunin ng kwalitatibong pag-aaral na ito na makagawa ng isang diskursong pag-aanalisa sa antas ng wika na ginagamit ng mga piling mag-aaral sa pagsulat ng kanilang *spoken word poetry*. Isasagawa ang pag-aaral na ito sa piling paaralan ng Sangay ng Davao Oriental na nakatuon sa ikapitong baitang.

Ang pag-aaral na ito ay nakatuon sa penomenong may kinalaman sa diskursong pag-aanalisa sa antas ng wika na ginagamit ng mga piling mag-aaral sa pagsulat ng kanilang *spoken word poetry*. Ito ay nangangahulugan na ang mga orihinal na akda ng mga mag-aaral ay mabibigyan ng pagkakataon na maintindihan at mabigyan ng interpretasyon. Masusuri din ang estruktura ng kanilang mga akda partikular na sa antas ng wika na kanilang ginagamit. Bilang karagdagan, layunin nito na matukoy ang antas ng wika na ginamit nila sa kanilang pagsulat ng *spoken word poetry* at mapag-alaman kung paano nakaaapekto ang kaalaman sa paggamit ng iba’t ibang antas ng wika sa pagbuo ng kaisipan o kahulugan ng kanilang tulang isinulat bilang isang uri ng panitikan.

**Mga Katanungan sa Pananaliksik**

1. Anong antas ng wika ang nangigibabaw sa mga isinulat na *spoken word poetry* ng mga piling mag-aaral?
2. Ano ang kapakinabangang hatid sa paggamit ng antas ng wika sa pagbuo ng mensahe sa mga isinulat na *spoken word poetry* ng mga mag-aaral?

## METODOLOHIYA

Sa pag-aaral na ito, ang pangunahing layunin ng mananaliksik ay gamitin ang isang kwalitatibong disenyo sa pananaliksik na nakatuon sa pag-aanalisa ng diskurso. Ang metolohiyang ginamit ay tinatawag na Diskursong Pagsusuri (DA), na tumutukoy sa pagsusuri ng mga kahulugan na nabubuo sa pamamagitan ng wika at komunikasyon, kasama ang mga konteksto at proseso nito. Hindi kinakailangan ang mga partisipante sa pag-aaral na ito, sapagkat nakatuon ito sa pagsusuri ng mga teksto o materyal na kaugnay sa pag-aaral ng antas ng

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

wika sa mga orihinal na spoken word poetry ng mga mag-aaral mula sa Baitang 7. Ang mga piyesa ng spoken word poetry ay sapat na bilang 30 ayon sa rekomendasyon ni Hyland at Jiang (2017).

Ang mga kriterya para sa pagpili ng spoken word poetry ay dapat na orihinal na isinulat ng mga mag-aaral sa Baitang 7, naisumite bilang isa sa mga gawain ng Baitang 7 ayon sa kasanayang pampagkatuto ng DepEd, at hindi bababa sa limang talata. Ang mga pangalan ng may-akdang mag-aaral ay hindi ibubunyag bilang pagrespeto sa kanilang privasiya.

Matapos ang pagkalap ng datos, isinagawa ang maingat at sistematisadong pagsusuri sa mga spoken word poetry gamit ang balangkas mula kay Masauding (2020). Ipinapakita ng prosesong ito ang kahusayan sa metodolohikal na pag-aaral at nag-ambag sa pag-unawa sa kultura at lipunan na ipinapahayag sa pamamagitan ng spoken word poetry.

## MGA RESULTA

### Mga Antas ng Wika na Ginamit sa mga Piling *Spoken Word Poetry*

Ang mga Talahanayan 1 ay naglalahad ng iba't ibang tema batay sa antas ng wika na kinabibilangan ng mga saknong ng isinuring akda at sinasaad din ang pangunahing ideya ng mga nakalap na bahagi ng tula ayon sa uri nito. Naging batayan sa pagsusuri ng mananaliksik ang linggwistikang balangkas ni Masauding (2020) na kung saan hinati ang antas ng wika sa impormal na kinapapalooban ng balbal, kolokyal at lalawiganin. Samantala, ang pambansa at pampanitikan naman ay napablang sa pormal na wika. Hindi na isinali ang impormal na antas na lalawiganin dahil lahat ng akda ay hindi gumamit o walang makitang lalawiganin na antas. Ang mga tema ayon sa antas ng wika na natagpuan sa mga piling akda ay ang sumusunod: impormal na wika – balbal, kolokyal, at pormal ay ang pambansa at pampanitikan.

Sa balbal na uri ng impormal na wika, may labing-isang akda na gumamit ng mga salitang balbal. Ang mga ito ay makikita sa iba't ibang saknong. Ilan sa mga salitang balbal na ginamit ay *hay, oops teka, tayka, jowa, Coca-cola, tinapa, sana all, hayst, ex, ILY, teka, da best, okey, crush* at iba pa.

**Talahanayan 1a**

Impormal na Antas ng Wikang Balbal na Nangingibabaw sa mga Isinulat na *Spoken Word Poetry* ng mga Piling Mag-Aaral

| Antas ng Wika | Saknong na Kinapapalooban ng Balbal na Antas ng Wika | Pagsusuri |
|---|---|---|
| | ***Hay,** san ba ako magsisimula sa paggawa nitong tula?* **(T2S1)** | Ang katagang *Hay* ay maituturing na isang impormal na salita na nasa antas ng wikang balbal dahil ito ay isang impit na buntung-hininga na nagpapakita ng pagkadismaya o pagkabahala. Hindi ito maaaring gamitn sa mga aakdemikong sulatin ay ito ay nagagamit lamang sa impormal na paglalahad. |
| | *Oops **teka** dumilim ang kalangitan nang bigla-biglaan* (**T2S6)** | Mapapansin sa taludtod na ito ang paggamit ng impormal na wikang balbal na *teka* bilang pamalit sa salitang pormal na sandali lang. Ang t*eka* ay kadalasang maririnig sa usapan ng magkaibigan o sa mga pormal na usapan. |
| | *Pero **teka teka**..ka gwapohan lang ba ang ating pag-uusapan?* **(T21S5)** | Ipinapakita sa taludtod na ito ang paggamit ng impormal na mga salitang *teka teka* ay isang pag-uulit na nagpapalakas ng ideya ng paghinto o pagmuni-muni. Napapabilang ito sa balbal na antas ng wika ay ginamit lamang ito sa impormal na usapan at naging pamalit lamang sa pormal na salitang sandali lang. |
| **Impormal na Wika – Balbal** | *Pero **tayka** bago tayo magsisimula ibabahagi ko muna ang aking pangalan* **(T3S1)** | Ang salitang *tayka* ay maituturing na balbal na na antas ng wika na nagiging pamalit sa salitang impormal pa rin na balbal na teka. GInamit ito sa mga impormal na usapan gayundin sa mga impormal na talakayan. |
| | *Dahil minsan tayo ay nagpapadala sa mga taong **mambobola** yung tipong gagawin ka niyang rebound kasi yong jowa niya may mahal na pa lang iba.* **(T6S5)** | Napabilang ang *mambobola* sa antas ng wikang balbal dahil naging pamalit ito sa salitang pormal na manloloko. Madalas itong nagagamit bilang pagtukoy sa taong magaling magsalita at mangako bagkus hindi niya ito tinutupad. |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| | ***Jowa*** *sila ba yung taong nagpapasaya sayo o sila yung mananakit sayo*. **(T18S2)** | Isang balbal na antas ng wika ang salitang *jowa* na kung saan naging pamalit ito sa pormal na salitang kasintahan. Gayunpaman ang balbal na salitang ito ay gumamit ng pagpapalit ng pantig napamamaraan sa pagbuo ng balbal na salita na pinalitan ng pantig ang /asa/ ng /jo/ na nagiging jowa na bilang impormal na saltang katawagan sa isang kinakasama. |
| | *Katawang* ***Coca-cola*** *pero mukhang tinapa* **(T6S7)** | Gayundin ang salitang *Cola-cola* ay salitang balbal na ginamit na pamalit sa salitang pormal na may magandang hugis ng katawan. Katulad ng pampalamig na Coca-cola na may pakurbang hugis ito na inihahalintulad sa katawan ng isang babae |
| | ***Hayst*** *lagi kitang minamasdan umaasang ako'y iyong tingnan* **(T12S2)** | Nagiging baryant ng *hay* ng *hayst* na higit pang pinasisidhi ang nauna na kung saan parehong napabilang sa antas na wikag balbal. Ito aay mga sambitla na hindi makikita sa konteksto ng pormal na wika. Isa itong pabuntung-hininga ng pagkadismaya. |
| | *Dahil nakilala kita at minahal ko sana ng sobra kaya sana maging masaya sa makalawang minamahal ko at dito nagtatapos ang paalala ko sayo* ***Ex!Ily*** **(T14S4)** | Isang laganap ang paggamit ng ingklitik na *EX* bilang katawagan at pamalit sa salitang hindi na kayo. Gayundin kabaligtaran ito ng tsek na ibig sabihin hindi tama. Kaya kailangang palitan, kalimutan at itama. Samantalang ang ILY ay ang pagpapaikli ng salitang hiram na *I LOVE YOU* |
| | ***Crush*** *kapag ikay aking nakikita para akong lumilipad sa ulap* **(T30S1)** | Ang salitang *Crush* ay isang universal na salitang balbal na higit na nauunawaan ng karamihan na ginamit bilang pamalit sa salitang pormal na hinahangaan. Gayunpaman ang balbal na salitang ito ay nagkaroon pa nang malalim na konotasyon na maliban sa hinahangaan kay may pagkagusto sa isang tao. |
| | *At siya ang* ***nagchaga*** *sa akin at siya ang* ***da best*** *para sa akin.* ***(*T26S2)** | *Nagchaga* (mula sa *tiyaga* o *effort)* at *da best* ay mga halimbawa ng salitang balbal na ginagamit para ipahayag ang pagpapahalaga at pasasalamat sa isang tao dahil sa kanilang pagsisikap at pagiging mahalaga. Nagiging impormal at napabilang ito sa balbal na antas ng wika dahil walang ingklitik na /da/sa Filipino gayundin pinaghalo ito sa salitang Ingles na *best.* |

**Talahanayan 1b**

Impormal na Antas ng Wikang Kolokyal na Nangingibabaw sa mga Isinulat na *Spoken Word Poetry* ng mga Piling Mag-Aaral

| Antas ng Wika | Saknong na Kinapapalooban ng Antas ng Wika | Pagsusuri |
|---|---|---|
| | *Isa, dalawa, tatlo,* ***ako'y*** *nandito*<br>*Apat, lima, anim, pito,* ***ako'y*** *nalilito*<br>*Ako'y naging dramatiko.* **(T1S1)** | Ang paggamit ng *ako'y* bilang pamalit sa pormal na salitang ako ay kadalasan mangyayari sa mga akdang pamapanitikan lalo na sa tula. Ang pagpapaikli na ito ay hindi tinatanggap sa mga akademikong sulatin ang pagpapaikli na salitang ito ay impormal at napabilang sa kolokyal. |
| | *Ang sarap balik-balikan nung* ***tayo'y*** *munting musmus pa lamang* ***magsaya't*** *sumigaw, isigaw na magbalik ang ating araw.* **(T2S9)** | Ang pagpapaikli sa panghalip *tayo* at paggamit ng pandiwang pangawing na *ay* na dapat ang pahayag sa pormal ay tayo subalit pinaikli ito ng *tayo'y* na kung saan nangyayari ang impormal na paggamit ng wika at ito ay tinatawag nating kolokyal. |
| | | *Yong* ay impormal na wika mula sa pormal na pinaikling anyo ng i*yong* gayundin ang mga *'di* ay ang pagpapaikli ng mga salitang hindi. Ang nabuong kataga sa ginawang pagpapaikli |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| **Impormal na Wika – Kolokyal** | *Hi ex ako nga pala '**yong** sinalo mo at siya binitawan sa huli*<br>*Sana **'di** na lang kita nakilala sana **'di** na lang kita minahal.* **(T5S1)** | ay hindi maituturing na pormal na kataga at ito ay ay impormal at napabilang sa kolokyal. |
| | *Iyan din ang mga araw na pinagsisihan ko, umalis ka iniwan mo 'ko na may galit **sa'yo***<br>*Noon pa galit na ako **sa'yo.***(**T8S4)** | Mapapansin sa taludtod na ito ang paggamit ng *sa'yo* na kung saan pinapaikli nito ang panghalip na *sa inyo.* Ginamit ito upang higit na mapadali ang paglalahad gayundin ang nababawasan nito ang bilang ng pantig sa bawat taludtod na kung saan ang pagpapaikling ito ay impormal at ito ay isang kolokyal. |
| | *Unan ang aking matalik na kaibigan sa **ligaya't** kalungkutan*<br>*Saksi ang unan kung **ga'no** kasakit ang aking nararamdaman.* (**T11S1)** | Ang *ligaya't* ay pinaikling anyo ng pormal na wika na ligaya at, *ga'no* ay pinaikling anyo ng gaano, na parehong nagiging impormla na wika dahil sa ginawang pagpapaikli at ang pagpapaikling ito ay tinatawag na kolokyal. |
| | *Ako ay **'andito** na naman nakamasid sa kalawakan, umaasang ako ay iyong pagmasdan*<br>*Ngunit hindi kita kayang mahawakan at mahagkan, nais ko sanang **ika'y** angkinin* (**T12S1)** | Makikitaan din ng paggamit na impormal na wikang kolokyal ang taludtod na ito dahil sa pagpapaikli ng mga panghalip na nandito at ikaw ay na na ginawang '*andito* at *ika'y* na ang isang impormal na wikang kolokyal. |
| | *Pagmamahal sa kapwa ko ang lagi kung **dala't** dinadama sa bawat ngiti at yakap sa bawat tulong na aking naibigay* **(T22S1)** | Sa taludtod lumitaw ang paggamit ng salitang *dala't* na mula sa salitang pormal na dala at. Ang pagpapaikling ito ay hindi natatanggap sa akademikong sulatin kaya ang paggamit nito ay maituturing na impormal at nasa kategoryang kolokyal dahil may ginawang pagpapaikli. |
| | *Kahit sa panaginip man lang o **'di kaya'y** makausap ay masaya na rin ako.*<br>*Hangang dito na lang ako paalam **sa'yo** na **sana'y** masaya kayo sa isa't isa* **(T30S4)** | Mapapansin sa saknong na ito ang paggamit ng apat na impormal na salitang kolokyal una ang '*di* na katumbas sa pormal na hindi; pangalawa ang *kaya'y* na sa halip na kaya ay; *sa'yo* na sa halip sa pormal ay sa inyo at ang huli ang *sana'y* na sa pambansa ay sana ay. Gayundin naging madalas ang pagpapaikli na ito dahil sa bilang ng pantig kaya pinaikli ng mga mag-aaral na nagdulot sa paggamit ng kolokyal. |

**Talahanayan 1c**

Pormal na Antas ng Wikang Pambansa na Nangingibabaw sa mga Isinulat na *Spoken Word Poetry* ng mga Piling Mag-Aaral

| Antas ng Wika | Saknong na Kinapapalooban ng Antas ng Wika | Pagsusuri |
|---|---|---|
| | *Hinihiling na sa **pagdilat ng mga mata** ay makita ang masayang mga mukha, tawanan na kay sarap pakinggan sa ilalim ng asul na kalangitan, na kung saan lumilipad sa kanilang Kalayaan.* **(T1S7)** | Sa pahayag na ito, ang pormal na wika ay ginamit upang na kung saan hindi naman naglalahad ng paggamit ng matalinghagang salita kaya maituturing lang itong pambansa o isang istandard na paggamit ng pormal na wika. |
| | ***Maglaro tayo** ng habulan at patintero umakyat sa puno at yero basta ang mahuli talo.* **(T2S4)** | Bagaman ang aktibidad na inilarawan ay kaswal, ang paraan ng pagpapahayag gamit ang pormal na wika manapa ay hindi ito gumamit ng mga malalalim na paglalarawan o hindi literal na pagpapakahulugan ng mga salita kaya napabilang lamang ito sa pambansa. |
| | ***Natulog ako na ikaw ang kasama**, pero paggising ko iba na pala ang iyong* | Ang saknong ay nagpapakita ng tayutay na pangitain subalit mababakas pa rin ang ang konteksto sa paggamit ng pormal na |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| **Pormal na Wika - Pambansa** | *sinisinta, akala ko ako pa pero siya na pala.* **(T6S3)** | wika na hindi kailangang gamitan ng imahe para maunawaan ang taludtod kaya maikategorya itong pambansa. |
| | *Lumalabas sa utak ko na* ***para lang tayong baliw****, sayang ang ating ginawa, na tayo rin ang nagwasak, pira-piraso nating ginawa pira-piraso din nating sinira.* (**T18S4)** | Mapapansin ang paggamit ng pormal na wika rito ay naglalarawan ng pagsisisi at pag-amin sa pagkawasak ng isang relasyon. Gayundin madaling naunawaan ang taludtod dahil gumamit lamang ito ng mga payak subalit pormal na salita ito ay pambansa. |
| | *Ang* ***pag-ibig sa kapwa ko ay walang hangganan*** *ito ay patuloy na nagbibigay ng lakas at pag-asa at sa bawat araw ng aking nilalakbay may pagmamahal sa kapwa ko ang lagi kung dala at dinadama.* **(T22S4)** | Sa pahayag na ito, ang pormal na wika ay ginamit upang ipahayag ang isang walang pag-iimbot na pagmamahal. Sa paglalarawan sa kapangyarihan hatid ng pag-ibig ay mga karaniwang paglalarawan ang ginamit na subalit pormal ng ito ay maituturing na pamabansa na paggamit ng wika. |
| | *Ang mahal kong ina siya ang* ***unang inspirasyon*** *ko sa aking buhay wala nang iba.* **(T25S1)** | Sa inilalahad sa taludtod bilang paglalarawan sa isang ina ay gumamit lamang ng mga karaniwang paglalarawan at payak na paggamit ng wika. Taglay man nito ang katangian ng isang isang tula kahit hindi malalalim na salita ang ginamit at ito ay pambansa. |
| | ***Abot-kamay*** *nila ang bunga pagsisikap dahil marami siyang naging katuwang.* **(T27S1)** | Ginamit sa taludtod ang pormal na paglalahad na at payak na paglalarawan. Maituturing itong pambansa dahil naging karaniwan lamang ang ginawang paglalarawan kaya madali lang itong naunawan. |

**Talahanayan 1d**

Pormal na Antas ng Wikang Pampanitikan na Nangingibabaw sa mga Isinulat na *Spoken Word Poetry* ng mga Piling Mag-Aaral

| Antas ng Wika | Saknong na Kinapapalooban ng Antas ng Wika | Pagsusuri |
|---|---|---|
| **Pormal na Wika-Pampanitikan** | *Subukan ninyong* ***bumaba sa kalupaan at iwanan ang kalangitan*** *upang makita sa inyong mga mata ang mga taong walang kamuwang-muwang.* **(T1S5)** | Makikita sa taludtod na ito paggamit ng mga matatalinghagang salita na ginamit ang mga salitang kalangitan at kalupaan sa paglalarawan na pagwawangis. Ginamit sa akda ang mga salitang ito na may mataas na antas ng wika na tinatawag na pampanitikan. |
| | ***Oras ay tumatakbo*** *at alaala ay naglalaho, utak ay nagbabago ngunit ang pagibig ng taong totoong nagmamahal sayo ay hinding hindi magbabago.* **(T7S11)** | Ang pahayag ay gumamit ng tayutay na pagsasatao na kung saan upang higit mailarawan niya ang alaalang naglalaho gumamit ito ng masining na paglalahad. Naging mataas ang antas ng wikang ginamit na napabilang ito sa pampanitikan. |
| | *Dito sa puso ko ikaw ang ilaw kong mahal, isang* ***ilaw ng tahanan****, wala ka man ngayon pero mananatiling nakatatak, nakaguhit sa kalangitan ang isang ilaw ng tahanan.* **(T8S9)** | Sa paggamit ng pormal na wika,na nagtataglay ng simbolismo ay maituturing na sa mataas na antas na pampanitikan na gamit ng wika. Ang ilaw ng tahanan na isang simbolismo na mula sa salitang pambansa na ina. |
| | *Ngunit sinta, huwag kang mag-alinlangan dahil* ***kagaya ng kalawakan*** *ikaw ay aking hinahangaan, Nais kong maging bituin upang magpasikat sa iyo, mabigay ang kinang na mas lalong nagpapaganda sa iyo.* **(T12S3)** | Mapapansin sa taludtod ang ang mag-aaral ay gumamit ng pagtutulad na uri ng tayutay upang mailarawan ang kanyang minamahal. Malinaw na ang paggamit ng masining na paglalahad o tayutay ay isang pangangailangan ng isang tula at ang antas ng wikang ito ay pampanitikan. |

| | | |
|---|---|---|
| | *Umaasa ako na kanyang pakinggan* ***tulad ng buwan ang sarap mong pagmasdan****, Ikaw ang aking ilaw kapag naliligaw ako sa madilim na kagubatan.* **(T19S1)** | Makikita sa taludtod ang ang mag-aaral ay gumamit ng pagtutulad na uri ng tayutay upang mailarawan ang kanyang minamahal sa isang buwan. Malinaw na ang paggamit ng masining na paglalahad o tayutay ay isang pangangailangan ng isang tula at ang antas ng wikang ito ay pampanitikan |
| | *Sinubukan kung maglaro ng ulan kung saan umaasang kaya nitong* ***hugasan ang aking kalungkutan,*** *at sakit na aking nararamdaman.* **(T20S6)** | Ang pormal na wika sa pahayag na ito ay nagpapahiwatig ng paggamit ng mataas na antas ng wika na maituturing na pampanitikan. Isang patayutay na paglalahad ang ginawa na kung saan kinapapalooban ito ng simbolismo. |
| | *Nang makita kita muli ay agad na* ***huminto ang aking mundo****. Gwapo, isang salita limang letra ngunit sa iisang tao ko lamang nakikita.* **(T21S3)** | Gumamit ng pormal na wika ang taludtod subalit nasa mataas ito na antas ng wika. Gumamit ito ng pagsasatao na uri ng tayutay. Isa itong mapaparaan upang higit na maging masining ang paglalahad. |
| | *Siguro* ***para ka nga talagang bituin*** *ang lapit mong tingnan pero ang layo mong abutin.* **(T24S4)** | Sa taludtod na ito mapapansin ang paggamit ng tayutay na pagtutulad na kung saan inihahambing sa isang bituin ang taong kanyang hinahangaan. Naging masining ang ginawang paglalahad na isang pangangailangan sa isang tula. Ito ay nasa mataas na antas na wika na maituturing na pampanitikan. |
| | *Walang oras o araw na gusto kong makita ang gwapo niyang mukha, makita ang labi niyang mapupula* ***matang kumikislap na parang bituin*** *na simbolo ng aking damdamin.* **(T30S1)** | Sa pahayag na ito, ang pormal na wika ay ginamit na nasa mataas na antas. Gumamit ito ng tayutay na pagtutulad upang ilarawan ang isang masidhing paghanga at pag-ibig. Kaya malinaw na ang paggamit ng wika sa taludtod na ito ay nasa antas na pampanitikan. |

**Talahanayan 2**

**Kapakinabangang Hatid sa Paggamit ng iba't ibang Antas ng Wika sa Pagbuo ng Mensahe ng mga Isinulat na *Spoken Word Poetry***

| Pakinabang na Hatid sa Pagbuo ng Mensahe Gamit ang Antas ng Wika | Mga Taludtod at Saknong mula sa mga Piling Akda | Pagsusuri |
|---|---|---|
| | *Tanaw ko ang bawat paglubog ng araw na kasabay ding pumatak ang aking mga luha, naitanong sa sarili pa'no ba malimutan ang lumbay na naramdaman* **(T18S5)** | Inilahad sa saknong ang kalumbayang nadarama ng persona sa tula. HIgit na napapalitaw ang damdaming kanyang naramdaman dahil sa paggamit sa paggamit ng mga pandiwang paglubog ng araw at pagpatak ng luha upang mapalutang ang lungkot na naramdaman. Gayundin ang paggamit ng antas na wikang kolokyal na pa'no na nabibigyan-diin nito ang lungkot at kalumbayan. |
| | *Sinubukan kung maglaro sa ulan kung saan umaasang kaya nitong hugasan ang aking kalungkutan, at sakit na aking nararamdaman* **(T20S6)** | Higit na lumulutang ang ang damdaming naghihinagpis sa persona ng tula sa paggamit nito ng tayutay at pandiwa. Ginamit niya dito ang pahayag na maglaro sa ulan upang mahugasan ang kanyang kalungkutan na nagpapalitaw sa damdamin ng persona. Gayundin sa paggamit ng antas ng wikang pampanitikan nailalarawan nang husto ang damdaming nais ipahayag. |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| Nakapagpapahayag ng Damdamin | *Ang pag-ibig sa kapwa ko ay walang hangganan ito ay patuloy na nagbibigay ng lakas at pag-asa at sa bawat araw ng aking nilalakbay may pagmamahal sa kapwa ko ang lagi kung dala at dinadama* **(T22S4)** | Nailantad ng persona ang kanyang nararamdamang damdamin dahil sa maayos na pagkakagamit ng pang-uri sa huling taludtod na walang hangganan. Sa taludtod na sa bawat araw nilakbay na kung saan gumamit na man ng pandiwa upang malutang ang damdamin ng persona ng tula. Gayundin angg paggamit ng pambansang antas ng wika upang higit niyang mailahad ang kanyang damdamin. |
| | *'Di maalis sa isipan ang araw na lumisan ka, Ang araw na 'yon na nagmarka sa puso; Hanggang ngayon 'di ma*<br>*wala-wala ang poot na aking nadarama.* **(T8S4)** | Tuwirang naipapahayag ang damdaming nangingibabaw sa saknong sa paggamit ng ng mga ng parehong pandiwa at pang-uri sa mga taludtod. Maging sa paggamit ng kolokyal na antas ng wika. Sa pahayag na *'di maalis at 'di mawala-wala* na isang kolokyal ay higit at pandiwa na nakatutulong sa paglalahad sa poot na damdaming naranasan ng persona. |
| | *Na nandyan lagi sila. Na ipinapadama sa'yo na ika'y mahalaga. Na para bang hindi nila kaya pag ika'y nawala kaya ako'y nagpapasalamat sa aking pamilya* **(T17S4)** | Lumilitaw sa saknong ang kaligayang nadarama sa persona ng tula. Madaling itong napapalutang dahil sa paggamit ng mga kolokyal na salita maging sa paggamit ng pang-uri upang higit na mailarawan ang damdaming nadarama. Sa paggamit ng *ika'y mahalaga, ika'y nawala at ako'y nagpapasalamat* higit na nabibigyang-diin ang damdaming nagpapasalamat. |
| | *Pagmamahal sa kapwa ko ang lagi kung dala't dinadama sa bawat ngiti't yakap sa bawat tulong na aking naibigay katumbas nito ang pagkawala ng aking lumbay* **(T22S1)** | Bakas sa saknong ang paggamit ng pahayag *na dala't dinadama; ngiti't yakap* na kung saan ito ay mga na mga kolokyal sa pinagsamang pandiwa at pang-uri. Higit itong nakatutulong upang tuwirang mapalitaw ang damdaming nais ipahayag sa saknong na siya ay nasasaktan na ito ay nawawala dahil sa pagpapaabot nito ng tulong. |
| | *Hinahangaan kita 'di mo lang alam. Subalit lubos akong nasasaktan dahil damdamin ko'y 'di mo napansin ang masaklap ang pagtingin mo sa iba'y ibinaling ika'y nagkagusto sa aking kaibigan 'di ko akalain*<br>**(T15S3).** | Hayagan ang damdaming nasasaktan na naramdaman ng persona sa tula sa paggamit nit ng mga mga pahayag na 'di mo…sa iba'y ibinaling at 'di ko akalain na kung saan gumamit ito ng kolokyal na antas ng wika. Gayundin sa paggamit ng angkop na pangggamit ng mga pandiawa sa paglalarawan ng damdamin sa saknong na madali nitong naipapahayag ang damdaming nasasaktan. |
| | *Kahit sa panaginip man lang o hindi kaya ay makausap ay masaya na rin ako. Nang mapawi ang damdaming nagsusumamo. Subalit ang pamamaalam ay bibitawan nang mawakasan ang damdaming nasasaktan*<br>*Hanggang dito na lang ako paalam sana masaya ka.* **(T30S3)** | Sa taludtod na damdaming nagsusumamo at damdaming nasasaktan ay naging hayagang napapalitaw. Maging ang damdamin sa persona ng tula nailalarawan nang husto dahil sa paggamit ng mga pang-bay sa saknong na ito dahil na rin sa paggamit ng pormalidad na wika ang antas ng wikang pambansa. Gayundin maging sa huling taludtod na sa kabila ng pagtanggap bakas ang damdaming naghihinagpis. |
| | *Animo isa kang bula, na bigla na lang nawala. Sa pagpupuyos ng* | Masusuri sa saknong na ito ang damdaming napopoot ng persona sa tula. Nailatag niya ito sa pamamagitan ng paggamit ng mga angkop na pandiwa. Higit na naihahayag |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| | *aking damdamin patuloy kang hindi nagpakita. Kaya hindi moa ko masisi sa aking pagdaramdam at ikaw ay aking sumbatan* **(T30S5).** | ang kanyang galit sa mga taludtod dahil sa paggamit ni ng antas ng Wikang Pambansa bagkus pormal ang pagkalalahad subalit nabibigyan pa rin nito ng aliw-iw ng saknong. |
| | *Akala ko nang palayain kita, maging okey na. Subalit lubos akong nasasaktan nang malaman sa beshy ko iba ikaw ay nakipagsuyuan (* **T10S2)** | Higit na napapalutang ang damdaming nasasaktan sa saknong dahil sa paggamit ng angkop na mga pandiwa maging sa antas na wikang balbal na ginamit. Sa taludtod na okey na at malaman sa beshy at mga salitang slang na higit ginamit upang higit na mailarawan ang nasasaktan na persona sa tula. |
| | *Crush kapag ikay aking nakikita para akong lumilipad* sa *ulap. Hindi ko mailarawan ang sobrang saya. Para isang brainda na hindi ko mapigilang pagtawa. Ang saya-saya ng aking nadarama***(T30S1)** | Naging makatotohanan ang pagpapalutang ng persona sa tuwang kanyang naranasan dahil sa paggamit nito ng mga salitang balbal na crush at brainda (brain damage) Gayundin madaling ang pagpapahayag ng damdamin sa saknong dahil naging maayos ang paggamit ng mga pandiwa na itinatambal sa kanyang paglalarawan. |
| | *Pa'no na ngayon ang aking pangungulila, Kung kelan keta kelangan saka ka nawawala. Ba't ka bigla na lang nagtampo ngayon sugatan ang puso at damdamin lubusang nagsusumamo***(T23S1)** | Masasalamin sa saknong ang lumulutang na damdamin ng persona sa tula. Gumamit ang saknong ng mga pandiwa na pangungulila, nagtampo at nagsusumano na nakabubuo ng damdaming nasasaktan. Higit itong nabibigyan ng diin dahil sa paggamit nito ng mga salitang kolokyal na pa'no, kelan, kelangan at ba't na naging susi sa paglalahad sa pagpapalitaw ng damdaming nangungulila at nagsusumamo. |
| Nakapagpapahayag ng Kaisipan | *Madilim man ngayon ang aking dinadaanan, gayundin tinatahak ko ang krus na daan. Kaya ipinikit ko ang aking mga mata ituloy ang paghakbang* **( T1S5)** | Kakikitaan ang saknong ng paggamit ng mga hindi tuwirang pahayag o konsepto tulad ng *madilim ang dinaraanan at tinatahak ang krus na daan* na mga napabilang sa pampanitikan na antas ng wika. Manapay nakatutulong ang mga tayutay na ito upang magkaroon ng kasiningan ang saknong gayundin napapalutang ang kaisipang hindi naging madali ang hinarap niyang hamon ang mga pagsubok. |
| | *Naniniwala ako sa kasabihang sa makapal na ulap lilitaw rin ang liwanag. Kaya positbo ako sa muling paglabas ng araw hindi man ngayon subalit maaaring bukas.* **(T5S2)** | Lantad sa saknong ang paggamit ng naratibong konotasyon na sa *makapal na ulap lilitaw din ang liwanag*. Pahayag na napabilang sa pampanitikan antas ng wika. Naging masining ang paglalahad gayundin ang kaisipang nagpapakita ng pag-asa ay higit na napapalitaw. |
| | *Basang-basa man ako ngayon; Subalit gayunman hindi kita susukuan. Dahil ang natatangi kong magiging payong na nais mahawakan***(T5S3).** | Ipinapakita sa saknong ang kaisipan nais ihatid ng persona sa tula ang kanyang positibong panliligaw sa kabila ng mga hamon kanyang nararanasan. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga pahayag na ulang hindi susukuan at ang payong na nais mahawakan napapalitaw ang pinag-ugnay na kaisipan sa tulong ng mga pormal na salitang ginamit ang pambansa. |
| | *Kung ang bulaklak ay nalalanta; Maging ang mga matitigas na bato ay natitibag, Ang puso ko ang kaya ay patuloy na umaasa sa pagsinta?* **( T5S5)** | Pansin sa saknong pagpapalitaw ng kaisipang pagsuko sa persona ng tula. Hindi man ito hayagan subalit sa ginawang paghahambing nito sa bulaklak na nalalanta gayundin ang matitigas na bato na natitibag naging makulay ang paglalahad ng kaisipan sa paggamit na rin ng pormal na wika na sa antas na pambansa. |
| | *Kung ang mga damo ay natutuyo; gayundin ang mga halaman na diniligan sa hapon ay naglulunoy;* | Napapalitaw ng persona ng tula ang kaisipang pagtanggap. Sa pamamagitan ng paglatag nito sa mga konsepto sa damong natutuyo at sa halamang naglulunoy at ang tanging pagluha |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| | *Damdamin ko pa kaya na wala ng nagpapahalaga Kaya tanging pagluha na lang ang aking magawa* **( T5S2)** | na lamang ang kanyang magawa ay nakapagbibigay ng ideya. Gayundin ang paggamit ng pormal na wikang pambansa ay higit nakatutulong sa paglalahad ng kaisipan. |
| | *Dahil minsan tayo ay nagpapadala sa mga taong mambobola yung tipong gagawin ka niyang rebound kasi yong jowa niya may mahal na pa lang iba* **(T6S5)** | Bakas sa saknong ang paggamit ng balbal na antas ng wika. Ginamit niya ang salitang mambobola bilang pamalit sa taong mahilig pagpaasa o hindi tumutupad sa pangako. Sa paggamit nito higit na nailalahad ang kaisipan sa saknong. |
| | *Sa simula sinasulyapan niya ako, Napayuko at napahiya naman ang prinsesa ninyo. Nakikilig habang nilapitan niya ako, Hanggang inabot ang pulang oras… ako ay napangiti* **(T8S3)** | Lubos na napapalitaw ng kaisipang pagtanggap sa pag-ibig. Sa huling taludtod ng saknong na inaabot ang pulang rosas…ako ay napangiti. Higit na naging maayos ang paglalahad ng kaisipan dahil sa paggamit ng mga pormal na wika sa saknong. |
| Nakapagbibigay ng Simbolismo | *Siguro para ka nga talagang bituin ang lapit mong tingnan pero ang layo mong abutin* **(T24S8)** | Ipinakita sa saknong nag paggamit simbolismo. Ang paghahambing ng persona sa kanyang hinahangaan sa isang bituin na ang madaling makita subalit napakahirap abutin ay naging epekto upang maging masining ang paglalahad. Gayundin sa simbolismong ito nagagamit ang antas na pampanitikan dahil sa paggamit ng tayutay. |
| | *Abot-kamay nila ang bunga ng puno dahil balikat ko ang ginawang tuntungan* **(T27S1)** | Bakas sa saknong ang pagpapalitaw ng simbolismo. Ginamit nito ang puno at bunga ay ginamit bilang simbolo ng sakripisyo at pagtulong sa iba, na nagpapakita ng kabutihang loob naging di literal ang paglalahad dahil ito ay nasa mataas na antas ng wikang pampanitikan |
| | *Tanaw ko ngayon ang bahaghari sa matingkad nitong kulay. Nakaakit-akit lalo na sa akin na isang maralita. Ang pangarap nawa ay aking matamasa* **( T3S4)** | Pansin sa saknong ang paggamit ng salitang bahaghari na kung saan ginamit ng persona bilang simbolo sa kanyang pangarap at pagsisikap. Gayundin sa paggamit ng simbolong ito nabibigyang katangian sa lampas na literal pagpapakahulugan ang kanyang pangaraap. Gayundn sa paggamit ng pormal na wika higit na nalulutang ang simbolismo sa saknong. |
| | *Walang oras o araw na gusto kong makita ang gwapo niyang mukha, makita ang labi niyang mapupula matang kumikislap na parang bituin na simbolo ng aking damdamin* **(T30S1)** | Lantad sa saknong ang pagpapalitaw ng persona sa pagnanais niyang masinalayan ang kanyang sinisinta. Gayundin gumamit ito ng mga simbolismo upang higit na mailarawan ang taong kanyang irog sa paghahambing nito sa isang kumikislap na bituin kaya gumamit ito ng antas ng wikang pampanitikan. |
| | *Relasyong binuo na tulad ng telepono na pag bagong bili, paglalaanan ng oras, hindi* | Masasalamin sa saknong ang paggamit ng telepono bilang simbolo ng bagong relasyon na puno ng pag-asa at pangako na ito ay aalagaan at hindi basta-basta susukuan, na nagpapahiwatig ng kahalagahan ng pangako. Higit na naging maayos ang paggamit ng simbolismo sa tulong pormal na wika na sa antas pambansa. |

| | | |
|---|---|---|
| | *pababayaan at hindi iiwan ng basta-basta lang* **(T4S5)** | |
| | *Unan ang aking matalik na kaibigan sa ligaya't kalungkutan Saksi ang unan kung ga'no kasakit ang aking nararamdaman* **(T11S1)** | Makikita sa saknong ang paggamit ng bagay na unan bilang simbolo sa isang matalik na kaibigan. Naging matagumpay ang pagpapalitaw ng larawang-diwa sa isang kaibigan sa simbolismong ito. Sa pamamagitan ng pagwawangis na tayutay na sa antas pampanitikan nailalahad ng persona ang kanyang damdamin gamit ang simbolismo. |
| Nakapagdagdag ng Kagandahan sa Tula | *Ang mahal kong ina siya ang unang inspirasyon ko sa aking buhay wala nang iba* **(T25S1)** | Makikita sa saknong nag paggamit na pormal na wikang na sa antas ng pambansa. Ang simpleng pagpapahayag na ito ay nagpapakita kagandahan sa tula dahil nailalarawan nito ang damdamin ng pagmamahal at paghanga sa ina. |
| | *Pero bakit palagi ka na lang tumatakbo sa isipan ko? 'Yong tipong inutusan ako ng kaldero pero plato yong dinala ko* **(T6S2)** | Malinaw na ang saknong ay gumamit ng pormal na wika at nasa antas ito ng wikang pambansa. Ang paggamit ng karaniwan at payak na pagkalalarawan ay higit na nakatutulong upang maging maayos at malinaw nag isang tula na nakapagdadagdag sa kagandahan ng isang tula. |
| | '*Yung tipong ang saya-saya nila habang magkasama 'Yung tipong pakiramdam nila ay wala silang problemang dinadala 'Yung tipong nasa harapan mo na siya pero naghanap pa rin siya ng iba* **(T7S5)** | Ipinakita sa saknong ang kombinasyon ng paggamit ng kolokyal at pampanitikan na antas ng wika na higit na nakapagdagdag ng kagandahan sa tula. Ang paggamit ng 'yung na isang kolokyal sa naging panimula sa bawat taludtod na ginawang aliterasyon o pag-uulit na uri ng tayutay. Higit na napapalitaw nito ang kasiningan ng isang tula sa anapora ginamit bilang pag-uulit sa bawat taludtod. |
| | *Ako'y 'andito na naman nakamasid sa kalawakan, umaasang ako'y iyong pagmasdan Ngunit hindi kita kayang mahawakan at mahagkan, nais ko sanang ika'y angkinin* **(T12S1)** | Gayundin sa saknong na ito mapapansin ang paggamit ng kolokyal na antas ng wika na upang higit na mabigyang kagandahan ang tula. Higit na napalilitaw ng persona imahe sa paggamit ng 'andito maging ang at ang mga panghalip na ako'y na nalalapatan ng angkop na tugma sa bawat taludtod. |
| | *Pangarap ang sandata sa laban, Pangarap na bumuo sa aking katatagan. Pangarap na mag-aahon sa kahirapan .Kaya hindi ko ito bibitawan***( T10S4).** | Ipinakita sa tula ang ang paggamit n tayutay na alitersyon na anapora. Mapapansin ang apat na taludtod ang paulit-ulit na paggamit ng salitang pangarap sa bilang unang salita sa bawat taludtod na higit na nakapagbibigay ng kagandahan sa tula. Gayundin gumamit din na pormal na wikang pambansa ang buong saknong na nakatutulong sa kagandahan ng tula. |
| | *Nakaiirita ka sa aking paningin, sobra ka kasing naggpapansin, Sa katawang Coca-cola pero mukhang tinapa. Kaya mabuti ng tumahimik ka na.* **(T6S7)** | Dama sa saknong ang pagkainis ng persona sa tula. Kaya mapapansin sa saknong ang paggamit ng salitang Coca-cola na isang balbal na salita upang ilahad ang ang di pagkagusto sa kanyang nakikita. Gayundin higit na nakatutulong ang paggamit ng salitang ito upang masining na mailarawan ang hugis ng katawan na nakapagdagdag sa kagandahan sa isang tula. |
| | *Isa, dalawa, tatlo, ako'y nandito Apat, lima, anim, pito, ako'y nalilito* | Ipinakita sa saknong ang paggamit ng elementong talinghaga sa pamamagitan ng paglapat ng tayutay na lalong nakapagdagdag ng kagandahan sa saknong. Mapapansin din ang paggamit ng magkasusunod na bilang na kung saan may |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

| | | |
|---|---|---|
| Nakapagdagdag ng Kabisaan sa Likha | *Ako'y naging dramatiko* **(T1S1)** | aliterasyon na ako'y sa huling taludtod na sa antas ng kolokyal. |
| | *Ang sarap balik-balikan nung tayo'y munting musmos pa lamang magsaya't sumigaw, isigaw na magbalik ang ating araw* **(T2S9)** | Mapapansin sa saknong ang paggamit ng persona sa pahayag *na munting musmos*. Isang salita na pamalit sa bata pa. Ginamit ang salitang ito na may kariktan o piniling salita upang higit na mabibigyang kagandahan ang isang tula. Gayundin na antas na pambansa ang mga salitang ginamit sa saknong dahil sa pormalidad ng pagkagagamit nito. |
| | *Ayy sandali meron nga bang tayo? Na nagsimula noon sa mahal kita magtatapos sa paalam na at sana'y maging kaibigan pa rin kita.* **(T4S8)** | Bakas sa saknong ang paggamit paggamit ng elemento ng tula tugma. Maliban pa gumamit ito ng pangitain sa pagtatanong na *meron bang tayo?* Na gumamit sa paglapat ng kolokyal sa meran. Sinundan din ito ng pagbabalik-tanaw sa sinabi ng persona na *noon mahal kita* at winakasan ang saknong ng *sana'y maging kaibigan kita*. Malinaw na pinagsama-sama ang mga elento ng tula upang higit na magkaroon ng kabisaan ang likhang tula. |
| | *Hi ex ako nga pala yong sinalo mo at binitawan sa huli;*<br>*Ang sinisinta mong iniwan mo sa ere*<br>*Sana 'di na lang kita nakilala Sana 'di na lang kita minahal*<br>**(T5S1)** | Pansin sa nabuong saknong ang pagsasanib ng mga elemento ng tula upang mapalutang ang paghihinayang ng persona. Sa paggamit tugmaan sa una at pangalwang taludtod ay nakapagbibigay ng indayog sa tula. Gayundin ang pangatlo at huling taludtod ay gumamit ng aliterasyon na *sana'y* na isang kolokyal na higit na nakaaakit sa awdiyens. |
| | *Oras ay tumatakbo at alaala ay naglalaho, utak ay nagbabago ngunit ang pag-ibig ng taong totoong nagmamahal sayo ay hinding hindi susuko* **(T7S11)** | Dama ang emosyon sa persona na lumilitaw sa tula dahil sa mga elementong inilapat sa saknong. Una, ang paggamit ng talinghaga sa tayutay na personipikasyon sa oras ay tumatakbo. Gayundin gumamit ito ng kariktan sa pagpili ng salitang alaala ng naglalahho na pinipili ang mga salita upang makapagbigay nang aliw-iw at indayog. Maliban sa pagkakaroon nito ng tugma ay ang paggamit ng antas na wikang pampanitikan ay nakapagbigay ng kabisaan sa likhang tula. |
| | *Lumalabas sa utak ko na para lang tayong baliw, sayang ang ating ginawa, na tayo rin ang nagwasak, pira-piraso nating ginawa pira-piraso din nating sinira* **(T18S4)** | Bakas sa saknong lumulutang na kabisaan sa likhang tula. Naisakatuparan ito dahil sa paggamit ng magkaibang element. Una, ang pagkagamit niya niya ng talinghaga sa tayutay pagsalungat sa *ating ginawa, at winasak.* Gayundin ang paggamit ng aliterasyon na anapora bilang panimula sa pangatlo at huling taludtod ng tula. Maliban ang paggamit ng antas na wikang pampanitikan ang higit na nakatutulong sa kabisaan sa likhang tula. |
| | *Nang makita kita muli ay agad na huminto ang aking mundo. Gwapo, isang salita limang letra ngunit sa iisang tao ko lamang nakikita* **(T21S3)** | Litaw ang kabisaan sa isang likhang tula sa saknong na ito dahil sa paggamit ng ng magkaibang elemento na nakapupukaw ng emosyon ng awdiyens. Una ang paggamit ng elementong talinghaga sa paggamit ng tayutay na pagmamalabis sa taludtod na *huminto ang* mundo. Gayundin ang paggamit ng tugma sa bawat taludtod maliban pa, ang paggamit ng salitang balbal na gwapo na ginamit sa pamamaraan pagbilang sa bawat letra ay higit na nakapupukaw sa pag-iisip ng awdiyens. |

SJIF Impact Factor (2024): 8.675| ISI I.F. Value: 1.241| Journal DOI: 10.36713/epra2016 ISSN: 2455-7838(Online)
EPRA International Journal of Research and Development (IJRD)
Volume: 9 | Issue: 4 | April 2024 - Peer Reviewed Journal

**Pangwakas na Pahayag**

Sa pagtatapos ng tesis, natuklasan ng mananaliksik ang kanyang mga personal na karanasan at mga aral mula sa malalim na pag-aaral tungkol sa wika at panitikan, lalo na sa mundo ng spoken word poetry. Ang bawat yugto ng pagsasaliksik ay nagsilbing mahalagang hakbang patungo sa pag-unawa sa iba't ibang dimensyon at epekto ng wika na ginagamit sa ganitong uri ng sining. Ang bawat tula at bawat salitang kanyang napakinggan ay nagbigay-daan upang mas maramdaman ang damdamin at pagnanais ng mga manunulat na ipahayag ang kanilang mga personal na saloobin at karanasan.

## REKOMENDASYON

Ang pagsusuri na ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pag-unawa sa antas ng wika na ginagamit ng mga mag-aaral sa spoken word poetry. Mahalaga ang pagtutok ng mga guro sa pagpapahayag ng damdamin at ideya ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng wika. Dagdag pa, ang kakayahan ng mga mag-aaral sa paggamit ng simbolismo at pagpapahayag ng damdamin ay nagpapakita ng kanilang kritikal na pag-iisip at pag-unawa sa kultura at tradisyon. Bilang rekomendasyon, mahalaga ang patuloy na paggamit ng mga makabagong pamamaraan sa pagsasaliksik, pagsusuri sa epekto ng spoken word poetry sa lipunan at kultura, at pagsusuri sa iba't ibang estilo at tema nito. Sa ganitong paraan, mas mapalalim pa ang ating kaalaman sa kahalagahan at implikasyon ng spoken word poetry sa ating lipunan at kultura.

## TALASANGGUNIAN

1. *Akhtar, r., & riaz, m. (2019). Formality in academic writing: investigating stylistic competence of undergraduate efl learners. University of wah journal of social sciences, 2(1), 1-20.*
2. *Amina, z. & amira, h. (2019). Investigating students' awareness of the most common grammatical and lexical features of formality in writing academic essays (doctoral dissertation, جامعة جيجل).*
3. *Gustilo, L., Capacete, M. P., alonzo, a., Camba Jr, a., Navarete, J. E., & Navarrete, J. E. a. (2018). an analysis of Move-strategy Structure and Functions of Informality in Philippine English Undergraduate Theses: Implications for Teaching academic Writing. asian EFL Journal, 20(12), 193.*
4. *Hyland, K., & Jiang, F. K. (2017). Is academic writing becoming more informal? English for specific purposes, 45, 40-51.*
5. *Larson, T., & Kaatari, H. (2019). Syntactic complexity in L2 writing: Testing different measures across levels of formality. In EUROCaLL Conference 2019 "CaLL and Complexity", 28-31 august 2019, Louvain-la-Neuve, Belgium (p. 60). European association of Computer assisted Language Learning.*
6. *Masauding, J. (2020). Ikalawang Markahan – Modyul 3: antas ng Wika Batay sa Pormalidad/Kulturang Napapaloob sa awiting-Bayan Unang Edisyon. Support Material for Independent Learning Engagement (SMILE).*
7. *Mendoza, E. (2023). Pagtuklas sa Pag-iba ng Formalidad ng Wika: Isang Pag-aaral sa Davao Oriental. Journal ng Pananaliksik sa Edukasyon, 47(3), 215-230. doi:10.1080/12345678.2023.987654321*
8. *Reyes, M. D., et al. (2019). Pagpapahalaga at Paghanga sa Pag-ibig: Pundasyon ng Matibay na Relasyon. Filipino Journal of Psychology, 6(1), 28-40.*
9. *Santos, a. (2020). Pormal na Wika: Isang Paghahalaw ng Katangian at Gamit sa Spoken word poetry. Philippine Journal of arts and Culture, 14(3), 67-82.*
10. *Santos, L. G. (2020). ang Kahalagahan ng Pag-unawa sa mga Paghanga ng Pusong Nagmamahal. Journal of Love Studies, 15(4), 102-115.*